**Pamagat**: Ang Desisyon ni Ruth

**Texto**: "And Ruth said, Intreat me not to leave thee, or to return from following after thee: for whither thou goest, I will go; and where thou lodgest, I will lodge: thy people shall be my people, and thy God my God: - Ruth 1:16

*Pagsasalin*: At sinabi ni Ruth, Huwag mong ipakiusap na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo; sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong kababayan ay magiging aking kababayan, at ang iyong Dios ay aking Dios: - Ruth 1:16

**Panimula**:

1. Ang sinabi ni Ruth sa kanyang biyanan ay napakadakila. Ito ay isang matapang at tapat na pag-amin ng pananampalataya. Nawa ang mga bagong converts ay magkaroon ng ganitong tapat at lakas ng patotoo lalong lalo na sa ating church (Kapag dating ng testimony time).
2. Kahit na nawala na ang pamilya ni Naomi ay nakakuha pa rin siya ng anak na babae sa Panginoon, at ang mga luha ng kalungkutan ni Naomi ay papalitan ng Diyos na magiging luha ng pagsisi at tagumpay.
3. Bibigyan nating pansin ngayong umaga ang desisyon ni Ruth na kalugod-lugod sa Diyos.

**I. Ang Diyos Mismo ang Kanyang Pinakamahalagang Pag-aari**.

A. Nawalan ng lahat si Naomi, ngunit hindi siya nawalan ng Diyos. Kaya mo bang sabihin ito?

B. Song of Solomon 2:16. Ito ay lenguahe ng nobya sa kanyang asawa (babaing ikakasal). Ang kahulugan ay mayroon tayong pagkakaisa at pakikipag-isa.

**II. Ilan pang mga Kahulugan sa Patotoo ni Ruth**.

A. Ang Diyos ay ang Pinuno at Tagapagbigay ng Batas.
   - A.1. Ito ay ang mga praktikal na Bahagi ng patotoo ni Ruth. Ang Diyos ay magiging impluwensya sa akin; Ituturo niya ako; Dadalhin niya ako; Siya ang mamamahala sa akin; Siya ay magiging aking Hari. Ako ay papayag sa Kanya at sundin Siya sa lahat ng bagay. Magsisikap akong gawin ang lahat ng bagay ayon sa Ang kanyang kagustuhan. Ang Diyos ay magiging aking Diyos.
   - A.2. Hindi siya ang katulong natin, siya ang Panginoon natin.

B. Ang Diyos ay ang aking Tagapagturo.
   - B.1. Marami ang mga nagsasabi na "ang Diyos ng Biblia ay ang aking Diyos." Subalit Kapag bibigyan natin pansin ang kanilang buhay, hindi po tumutugma ang buhay sa kanilang labi. (Isa. 29:13; Matt. 15:8)
   - B.2. Yun Diyos ng mga tao ngayon ay hindi po katulad ng Diyos ni Abraham. Itong Diyos ay mahina, bingi, walang kapangyarihan, walang kabanalan. Hindi po. Ang Diyos ng Biblia ay buhay, banal, and dakilang Diyos, at Ama ng Panginoong Jesus. Hindi katulad ng mga diyos-diyosan ng Moabites na si Chemosh o Moloch, pero si Jehovah! Siya ang tunay at buhay na Diyos. (Jer. 10:10)

C. Ang pinakamasayang pangyayari sa buhay ay magtiwala sa Diyos.
   - C.1. Magtiwala ka sa Diyos para sa iyong kaluluwa.
   - C.2. Pagkatapos magtiwala ka sa Kanya para sa lahat ng mga bagay, para sa buong buhay. (temporal/spiritual; araw-araw na kabuhayan; kalusugan, pamilya).
   - C.3. Hindi mo malalaman ang tuwa ng Panginoon at ng buhay kung hindi ka magtitiwala sa kanya.

**Katapusan**:

1. Sinabi rin ni Ruth, "your people, shall be my people" – kalian ka sasama sa mga tauhan ni Cristo?
2. Nawa ibless kayo ng Panginoon, sa alang-alang ng Panginoong Jesus. AMEN!